


Paano Maging Inihabiling Tagapangalaga ng isang Bata sa San Francisco



Isinulat ng
Hukumang Superyor ng San Francisco
Kagawaran Ukol sa Habilin

Ang mga sumusunod na tao at organisasyon ay ginawang posible ang librong ito:

Kagalang-galang na John Dearman, Namamatnugot na Hukom ng Hukuman Ukol sa Habilin

Komisyoner Dorothy McMath, Komisyoner ng Hukuman sa Habilin

Mary Joy Quinn, Direktor ng Hukuman Ukol a Habilin

Stella Pantazis, Nakatataas na Abugado ng Hukuman*

Manuel Valenzuela, Imbestigador ng Hukuman

Legal Services for Children

Administrative Office of the Courts

Foundation of the State Bar of California

Transcend

*Patnugot, Superbisor ng Self-Represented Guardianship Program

Para kanino ang manwal na ito?

Ang manwal na ito ay hindi para sa lahat. Ito ay para sa mga may sapat na gulang na walang abugado at gustong maging inihabiling tagapangalaga ng isang bata.

Gayon din,

- ◆ Ang taong gustong maging inihabiling tagapangalaga at ang bata ay dapat na parehong nakatira sa San Francisco sa ngayon,
- ◆ Ang bata ay dapat na walang pera o kakaunti ang pera, walang ari-arian, at walang namana, at
- ◆ Ang bata ay dapat na hindi kasangkot sa isang kaso sa pagiging depende ng kabataan.

Ang manwal na ito ay may impormasyon tungkol sa:

- ◆ Paano sasagutan ang mga pormang kailangan mo upang maging inihabiling tagapangalaga
- ◆ Iyong mga karapatan at responsibilidad bilang inihabiling tagapangalaga
- ◆ Mga tagatulong sa komunidad na makakatulong sa iyo

May ibang mga paraan para mapangalagaan mo ang bata nang hindi magiging legal na tagapangalaga. Tingnan ang mga pahina 1–2 ng manwal na ito at makipag-usap sa isang makaranasang abugado ukol sa batas na pampamilya.

Kung wala kang abugado, tawagan ang San Francisco Bar Association:
415-989-1616

Talaan ng mga Nilalama

Ano ang inihabiling pangangalaga?	1–2
Dapat malaman ng lahat ng tagapangalaga	3–4
Anong mga porma ang sasagutan ko para maging tagapangalaga?	5–6
Paano magbibigay ng paunawa	7–9
Maghanda para sa iyong pagdinig	10
Ano ang nangyayari pagkatapos ng pagdinig?	11
Kailangan ng karagdagang tulong?	12

Ano ang inihabiling pangangalaga?

Maraming uri ng pangangalaga. Ang manwal na ito ay tumatalakay sa *Inihabiling Pangangalaga ng Tao*. Ito ay kapag ang Hukuman ay nagtalaga ng isang may sapat na gulang na hindi magulang ng bata para maging tagapangalaga ng bata.

Ano ang ginagawa ng isang inihabiling tagapangalaga?

Karaniwan, ang tagapangalaga ay may mga responsibilidad na katulad ng isang magulang. Ito ay nangangahulugan na ang tagapangalaga ay may buong legal at pisikal na pag-iingat ng bata.

Ang tagapangalaga ay responsable sa pangangalaga sa bata, kabilang ang:

- ◆ Pagkain, damit at tirahan
- ◆ Kaligtasan at proteksiyon
- ◆ Pag-unlad ng katawan at damdamin
- ◆ Pangangalagang medikal at dental
- ◆ Edukasyon at mga espesyal na pangangailangan

Ang tagapangalaga ay maaaring may pananagutan din sa asal ng bata at anumang pinsalang maaaring gawin ng bata.

Lagi bang kailangan ang inihabiling pangangalaga?

Hindi. Ang totoo, maraming may sapat na gulang na nag-aalaga ng isang bata na umiiwas maging legal na tagapangalaga dahil:

- ◆ Naniniwala ang nag-aalaga na ang mga magulang ng bata ay hindi papayag sa legal na pangangalaga.
- ◆ Ang paghaharap para sa pangangalaga ay magiging sanhi ng maraming problema sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya.

- ◆ Ayaw ng nag-aalaga na subaybayan ng Hukuman ang kanyang personal na buhay.
- ◆ Ang nag-aalaga ay mangangalaga lamang sa bata sa maikling panahon at ang mga magulang ay handang pumirma sa isang pribado, nakasulat na kasunduan na nagbibigay sa nag-aalaga ng di-pormal na “pag-iingat” ng bata.

Paano kung ang mga magulang ay hindi makapirma sa isang pribado, nakasulat na kasunduan sa nag-aalaga?

Kung ang mga magulang ay hindi makapirma sa isang pribadong kasunduan, puwede mong sagutan ang isang *Caregiver Authorization Affidavit*.

Ang *Caregiver Authorization Affidavit* ay hindi isang opisyal na porma ng hukuman. Pero, sinasabi ng batas na puwede mong sagutan ang porma kung ikaw ay may relasyon sa bata. Ang apidabit ay karaniwang hinahayaan kang ipatala ang bata sa paaralan at kumuha ng pangangalagang medikal para sa bata.

Kailan ako makakakuha ng porma para sa Caregiver Authorization Affidavit?

Makukuha mo ito mula sa:

- ◆ libro ng mga pormang pambatas sa isang tindahan ng libro o mga kagamitan sa pagsulat
- ◆ isang abugado, o
- ◆ ACCESS Center, sa Silid 208 (Tumawag sa: 415-551-5880 para sa 24 na oras na nakarekord na impormasyon.)

May liham mula sa mga magulang o isang Caregiver Authorization Affidavit, matutugunan ko ba ang lahat ng pangangailangan ng isang bata?

Maaaring hindi. Narito kung bakit:

- ◆ Hindi lahat ng paaralan o mga pasilidad na medikal ay tumatanggap ng pribadong kasunduan o *Caregiver Authorization Affidavit*.
- ◆ Ang mga magulang ay puwedeng kanselahin ang isang pribadong kasunduan o *Caregiver Authorization Affidavit* sa anumang oras.
- ◆ Maaaring mahirap para sa iyo na makakuha ng segurong medikal para sa bata maliban kung ikaw ang legal na tagapangalaga.

Puwede ba akong magtatag ng inihabiling pangangalaga para sa aking anak kung ako ay malapit nang mamatay?

Kung ikaw ay may sakit na hindi gagaling, puwede mong hingin sa Hukuman na magtalaga ng isang kasamang tagapangalaga para sa iyong mga anak. (Ikaw ay dapat na may legal na pag-iingat sa mga bata.)

Kung inaprobahan ng Hukuman ang *Magkasamang Pangangalaga*, ikaw at ang tagapangalaga ay aakto bilang mga magulang habang buhay ka. At, kapag namatay ka, ang kasamang tagapangalaga ay magkakaroon ng buong legal na pag-iingat sa bata nang walang ibang pagdinig tungkol sa pangangalaga.

Dapat malaman ng lahat ng tagapangalaga...

Ako ba ang magpapasiya kung saan titira ang bata?

Oo. Bilang tagapangalaga, ikaw ang magpapasiya kung saan titira ang bata. Pero, kung ikaw o ang bata ay lumipat, **dapat** mong sabihin sa hukuman sa paraang nakasulat – kahit na ang bata ay ilipat patungo o mula sa bahay ng tagapangalaga o magulang.

Paano kung gusto kong ilipat ang bata sa labas ng California?

Hindi mo maililipat ang bata sa labas ng California nang hindi muna kukuha ng pahintulot ng Hukuman.

Paano kung lumipat kami sa loob ng California?

Kung lumipat kayo sa ibang lugar sa California, ibigay kaagad sa Hukuman ang bagong direksiyon at numero ng telepono.

Tandaan: Kahit na lumipat kayo sa ibang lugar sa San Francisco, dapat mong ibigay kaagad sa Hukuman ang inyong bagong direksiyon at numero ng telepono.

Ako ba ang gagawa ng mga desisyon tungkol sa kontak ng mga magulang sa bata?

Sa pangkahalatan, oo. Ikaw ang gagawa ng mga angkop na desisyon. Pero, ang Hukuman ay maaaring mag-utos sa iyo na ipahintulot ang pagdalaw.

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa kaligtasan ng bata, humiling sa Hukuman ng pinangagasiwaang pagdalaw.

Ako ba ang gagawa ng mga desisyon tungkol sa edukasyon ng bata?

Oo. Ikaw ang magpapasiya kung saang paaralan mag-aaral ang bata. Dapat mo ring tulungan ang bata na makakuha ng mga espesyal na serbisyo, tulad ng isahang pagtuturo, kung ang bata ay may mga espesyal na pangangailangan.

Ikaw ang tagapagtaguyod ng bata sa sistema ng paaralan. Ito ay nangangahulugan na dapat kang pumunta sa mga komperensiya ng magulang-guro, manatiling kalahok sa edukasyon ng bata, at tulungan ang bata na matugunan ang kanyang mga hangaring nauukol sa edukasyon.

Ako ba ang gagawa ng mga desisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan ng bata?

Oo. Dapat mong tiyakin ang mga pangangailangang medikal at dental ng bata. Ito ay nangangahulugan ng pakikipag-ugnayan sa doktor at dentista ng bata at pagtiyak na ang bata ay tumatanggap ng wastong pangangalaga.

Sa karamihan sa mga kaso, puwede kang gumawa ng mga desisyon tungkol sa anumang paggamot na kailangan ng bata. Puwede mong isama ang bata sa sarili mong pribadong seguro, o ipalista ang bata sa Medi-Cal o Healthy Families. (Ang Department of Human Services ay makakatulong sa iyo sa pamamagitan ng Medi-Cal at Healthy Families.)

Ako ba ang gagawa ng mga desisyon tungkol sa pangangalaga ng kalusugan ng isip ng bata?

Oo. Kung kailangan ito ng bata, dapat kang makipag-ayos para sa pagpapayo o ibang mga serbisyong nauukol sa kalusugan ng isip. Dapat ka ring makipagtulungan at makipag-ugnayan sa mga tagapayo ng bata.

Puwede ko bang ilagay ang bata sa isang institusyon para sa kalusugan ng isip?

Hindi. Hindi mo puwedeng ilagay ang bata sa isang institusyon para sa kalusugan ng isip kung ayaw ng bata na manatili doon.

Kung nadarama mong kailangan ng bata na manatili sa isang institusyon ng kalusugan ng isip at ayaw pumunta ng bata, **dapat** mong kontakin ang Hukuman.

Paano kung gusto ng bata ng lisensiya ng tsuper?

Puwede kang magbigay ng pahintulot sa bata na mag-aplay para sa lisensiya ng tsuper. Puwede mo ring piliin na hindi magbigay ng iyong pahintulot. Kapag hinayaan mo ang bata na kumuha ng lisensiya, dapat ka rin kumuha ng seguro sa awto para sa bata.

Tandaan: Kung maaksidente ang bata, ikaw ay maaaring managot sa anumang mga pinsalang sanhi ng aksidente.

Paano kung gusto ng bata na magpalista sa militar?

Puwede kang magbigay ng pahintulot sa bata na magpalista sa militar. Kung pumasok ang bata sa aktibong panunungkulan sa sandatahang lakas, hindi ka na magiging tagapangalaga. Ituturing ng batas ng California na ang bata ay isang may sapat na gulang.

Paano kung gusto ng bata na mag-asawa?

Ang isang batang wala pang 18 taong gulang ay hindi maaaring mag-asawa nang walang pahintulot mo at ng pag-aproba ng Hukuman. Kung mag-asawa ang bata, hindi ka na magiging tagapangalaga. Ituturing ng batas ng California na ang bata ay isang may sapat na gulang.

Ang Hukuman ba ay makakapagbigay sa akin ng ibang mga responsibilidad?

Oo. Minsan sa isang taon o higit, magbibigay ka ng Ulat ng Kalagayan sa Hukuman. Dapat ka ring makipagpulong sa mga Bisita ng Hukuman mula sa Programang Pagsubaybay ng Pangangalaga at pumunta sa Hukuman kapag sinabi ng Hukuman na pumunta ka. Ang Hukuman ay puwede ring mag-utos sa iyo na gampanan ang ibang mga tungkulin o puwedeng maglagay ng mga espesyal na kondisyon sa iyo bilang tagapangalaga, kung kailangan.

Paano kung magtalaga ang Hukuman ng isang abugado para sa bata?

Ang abugado ay kakatawan sa bata lamang. Ang abugado ay hindi kakatawan sa iyo.

Kung gusto ng abugado na makipag-usap sa bata, dapat mong hayaang mag-usap ang mga ito.

Makakakuha ba ako ng tulong na salapi upang pangalagaan ang bata?

Maaari kang makakuha ng suporta sa bata o tulong mula sa pamahalaan, tulad ng TANF (Temporary Aid to Needy Families), Social Security, Veterans Administration, o Indian Child Welfare Benefits. Puwede kang mag-aplay sa Department of Human Services.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang:

Department of Human Services
(415) 557-5000
TTY (415) 557-5214

Social Security Administration
(800) 772-1213
TTY (800) 325-0778

Veterans Administration
(800) 827-1000
TTY (800) 829-4833

Anong mga porma ang sasagutan ko para maging tagapangalaga?

1. **Tiyakin na mayroon ka ng mga pormang ito.** Ang mga 'Help bubbles' sa bawat halimbawang porma ay papatnubay sa iyo.

Ang pangalan ng porma at ang numero ng porma ay laging nasa iisang lugar.

- ◆ *Petition for Appointment of Guardian**, GC-210
- ◆ *Declaration of Proposed Guardian**, PGF-1
- ◆ *Declaration Under Uniform Child Custody Jurisdiction and Enforcement Act**, FL-105/GC-120
- ◆ *Notice of Hearing**, GC-020
- ◆ *Confidential Guardian Screening Form**, GC-212
- ◆ *Duties of Guardian**, GC-248
- ◆ *Consent of Proposed Guardian, Nomination of Guardian and Waiver of Notice*, GC-211
- ◆ *Order Appointing Guardian of Minor*, GC-240
- ◆ *Letters of Guardianship*, GC-250
- ◆ *Proof of Service*, 982 (a)(23)
- ◆ *Background Check*

Kung minsan ang mga porma ay hihingi sa iyo ng mga karagdagang impormasyon, tulad ng mga kopya ng mga dokumento o paliwanag. Ang mga ito ay tinatawag na *Attachments*.

Kung kailangan mong magdagdag ng Kalakip, isulat ang impormasyong ito sa itaas ng bawat isa:

Kalakip sa Katanungan # _____,
Porma # _____

2. **Sagutan ang mga porma.** At saka, makipagtipan sa Probate paralegal volunteer:
415-551-3650.

Dalhin ang mga porma sa pakikipagtipan. Sagutan ang iyong mga porma *bago* makipagkita sa volunteer.

3. Pagkatapos mong makipagpulong sa isang Probate paralegal, gumawa ng 3 kopya ng lahat ng porma na may marka ng *. Dapat mong diinan upang magkaroon ng 2 butas ang itaas ng bawat porma. Ang Probate paralegal ay tutulong sa iyo. Kasunod, iharap ang iyong mga porma sa opisina ng Klerk ng Hukuman.

Clerk's Office, Room 103,
Probate Window
San Francisco Superior Court
400 McAllister Street, San Francisco

Pagbabayaran ka ng klerk (hindi kukulangin sa \$239.50). Ingatan ang iyong resibo. Maaaring kailanganin mo ito sa bandang huli.

Kung hindi mo kayang magbayad ng mga fee ng Hukuman, sagutan ang:

- ◆ *Application for Waiver of Court Fees and Costs*, 982(a)(17), at
- ◆ *Order on Application for Waiver of Court Fees and Costs*, 982(a)(18)

4. Ingatan ng Klerk ang mga orihinal na porma at ibibigay sa iyo ang 2 "Endorsed Filed" na mga kopya.

Seselyuhan ng klerk ang iyong petsa ng pagdinig sa petisyon. Ito ang petsa na didinggin ng hukom ang iyong kaso.

5. Ang pagbibigay ng paunawa ay kumplikado. Basahin ang *Paano Magbibigay ng Paunawa* sa pahina 7.

Pagkatapos mong magbigay ng paunawa (sa pamamagitan ng koreo o personal), pumunta sa ACCESS Center sa Room 208 at ipasuri sa kanila ang iyong porma. (Ang Probate paralegal ay magbibigay sa iyo ng rekomendasyon sa ACCESS Center.)

Kasunod nito, iharap ang iyong Proof of Service sa Opisina ng Klerk sa Room 103.

Kung minsan hindi magagawang personal na bigyan ng paunawa ang mga magulang o ibang mga kamag-anak sa pamamagitan ng koreo. Kung ganito ang kalagayan, maaaring kailanganin mo rin ang mga pormang ito:

- ◆ *Request and Order to Mail Notice*, PGF-2
- ◆ *Request to Excuse Notice*, PGF-3

6. Tatawagin ka ng imbestigador ng Hukuman at magtatakda ng pagbisita sa bahay. Kung minsan, ang imbestigador ay makikipagtagpo sa iyo at sa bata nang higit sa isang beses.

Ipapagawa ng Hukuman sa imbestigador na:

- ◆ Tingnan kung saan titira ang bata
- ◆ Tingnan kung kaya mong pangalagaan ang bata
- ◆ Kapanayamin ang mga magulang, kung kailangan
- ◆ Suriin ang iyong rekord ukol sa krimen at rekord ng serbisyong pangangalaga ng bata – kung mayroon ka. Susuriin din ng imbestigador ang mga rekord ng ibang mga taong nakatirang kasama mo.
- ◆ Sumulat ng ulat para sa Hukuman
- ◆ Gumawa ng mga rekomendasyon tungkol sa iyong kaso

Paano Magbibigay ng Paunawa

Sinasabi ng batas na **dapat** kang “magbigay na paunawa” sa mga partikular na tao, kamag-anak at ahensiya. Ito ay nangangahulugan na may isang tao — **hindi ikaw** — na dapat “maghain” (magbigay) ng mga kopya ng iyong mga porma ng Hukuman sa mga tao at ahensiya para malaman nila na hinihingi mong maging tagapangalaga ng bata.


Dapat mong gawin ito kahit na sa palagay mo ay wala silang pakialam o maaaring hindi sila sumang-ayon sa ito.

May mga tuntunin sa pagbibigay ng paunawa. Maingat na sundin ang mga ito. Kung hindi, maaaring kailanganin mong bumalik sa Hukuman.

May 2 uri ng paunawa:
personal at sa *pamamagitan ng koreo*.

Magbigay ng *personal* na paunawa sa mga magulang, sa taong may legal na pag-iingat sa bata ngayon, o sa bata (kung ang bata ay 12 taong gulang o higit)

Ito ay nangangahulugan na ang tagahain — **hindi ikaw** — ang *personal* na mag-aabot ng kopya ng *Notice of Hearing at Petition for Appointment of Guardian* at lahat ng ibang mga porma na sinagutan mo nang hindi kukulangin sa 15 araw bago ang pagdinig ng Hukuman.



Maliban kung ang hukom ay nagbigay sa iyo ng espesyal na pahintulot, **hindi** ka makakapaghain sa mga magulang sa pamamagitan ng koreo.

Magbigay ng paunawa sa *pamamagitan ng koreo* sa mga lolo at lola* ng bata, mga kapatid, at mga kapatid sa ama o ina

Ito ay nangangahulugan na ang tagahain — **hindi ikaw** — ang magpapakoreo ng *Notice of Hearing at Petition for Appointment of Guardian* at lahat ng ibang mga porma na sinagutan mo nang hindi kukulangin sa 15 araw bago ang pagdinig ng Hukuman.

Kung ang isa sa mga kamag-anak na ito ay nasa bilangguan, ipagawa sa isang 18 taong gulang o higit — **hindi ikaw** — na magpakoreo ng paunawa sa taong nasa bilangguan.

* *Tala: Ang mga lolo at lola ng bata ay nangangahulugang ang mga magulang ng ina ng bata at ang mga magulang ng ama ng bata.*

Paano kung ang (mga) magulang at kamag-anak ay sumasang-ayong lahat na puwede akong maging tagapangalaga?

Kung sumang-ayon silang lahat na puwede kang maging tagapangalaga at ayaw nilang tumanggap ng paunawa ng pagdinig, sabihin sa kanila na sagutan at pirmahan ang *Consent and Waiver of Notice* na bahagi ng porma GC-211.

Hindi mo kailangang magbigay ng paunawa sa sinumang pumirma sa bahaging ito ng porma. Kung hindi nila pirmahan ang porma, kailangan mo pa ring magbigay ng paunawa, kahit sinasabi nila na sila ay sumasang-ayon.

Magbigay ng paunawa sa pamamagitan ng koreo sa San Francisco Department of Human Services

Ito ay nangangahulugan na ang tagahain — **hindi ikaw** — ang magpapakoreo ng isang kopya ng:

- ◆ *Notice of Hearing*, GC-020
- ◆ *Petition for Appointment of Guardian*, GC-210
- ◆ *Confidential Guardian Screening Form*, GC-212
- ◆ *Declaration of Proposed Guardian*, PGF-1
- ◆ *Background Check*

Dapat ipakoreo ng tagahain ang mga porma nang hindi kukulangin sa 15 araw bago ang pagdinig ng Hukuman sa:

San Francisco Department of
Human Services
Legal Guardianship Unit, J530
P.O. Box 7988
San Francisco, CA 94120

Sisiyasatin ng DHS ang iyong kasaysayan at sinumang ibang may sapat na gulang na nakatira sa iyong bahay upang malaman kung nagkaroon ng pag-abuso ng bata o mga kasong kriminal.

Magbigay ng paunawa sa pamamagitan ng koreo sa California Department of Social Services

Kung ikaw ay walang relasyon sa pamamagitan ng dugo, kasal o pag-ampon sa batas, isang tao — **hindi ikaw** — ang dapat magpapakoreo ng isang kopya ng mga nasabing porma sa Department of Human Services nang hindi kukulangin sa 15 araw bago ang pagdinig ng Hukuman sa:

State Department of Social Services
Director of Social Services
744 P Street
Sacramento, CA 95814

Paano kung hindi ko alam kung nasaan ang mga magulang o kamag-anak?

Sikaping mahanap ang (mga) magulang o kamag-anak sa pamamagitan ng:

- ◆ pagtatanong sa lahat ng miyembro ng pamilya,
- ◆ pagtingin sa mga libro ng telepono, o
- ◆ paghingi ng impormasyon sa telepono.

Kung hindi mo pa rin mahanap ang (mga) magulang o kamag-anak, sagutan ang *Request to Excuse Notice*, PGF-3, at saka iharap ito sa opisina ng Klerk ng Hukuman.

Paano kung ang isang taong kailangan kong bigyan ng paunawa ay nasa bilangguan?

Kontakin ang bilangguan, at sabihin sa kanila na personal na ihain ang mga porma sa bilangguan.

Kung ang bilangguan ay hindi personal na makapaghain ng mga papel, dapat mong sagutan ang isang espesyal na porma upang humingi sa Hukuman ng pahintulot na maghain sa pamamagitan ng koreo (*Request and Order to Mail Notice*, PGF-2). Dalhin ang sinagutang porma sa Probate Office, sa Silid 202, para masuri ito ng hukom.

Kung pinirmahan ng hukom ang seksiyon ng Order sa porma, ito ay nangangahulugang puwede gawin ng isang tao — **hindi ikaw** — na maghain ng mga porma ng hukuman sa pamamagitan ng koreo sa taong nasa bilangguan.

Paano kung ang isang magulang ay nasa labas ng estado o nasa ibang bansa?

Kailangan mo pa ring humanap ng isang tagahain — **hindi ikaw** — para personal na mag-abot ng kopya ng *Notice of Hearing at Petition for Appointment of Guardian* at lahat ng ibang mga porma na sinagutan mo nang hindi kukulangin sa 15 araw bago ang pagdinig ng Hukuman.

Kung ang tagahain ay hindi personal na makapaghain sa (mga) magulang, dapat mong sagutan ang isang espesyal na porma upang humingi sa Hukuman ng pahintulot na maghain sa pamamagitan ng koreo (*Request and Order to Mail Notice*, PGF-2). Dalhin ang sinagutang porma sa Probate Office, sa Silid 202, para masuri ito ng hukom.

Kung pinirmahan ng hukom ang seksiyon ng Order sa porma, ito ay nangangahulugang puwedeng gawin ng isang tao — **hindi ikaw** — na maghain ng mga porma ng hukuman sa pamamagitan ng koreo.

Sino ang puwedeng maghain?

Ipagawa sa isang kakilala mo na 18 taong gulang o higit. O ipagawa sa isang process server. Ang “Process Server” ay isang negosyong binabayaran mo para maghatid ng mga porma ng Hukuman. Tumingin a Yellow Pages, sa ilalim ng “Process Serving.”

Ano ang mangyayari pagkatapos ihain ng tagahain ang mga porma?

Dapat sagutan ng tagahain at ibigay sa iyo ang katunayan ng paghahain.

Para sa **personal na** serbisyo, dapat sagutan at pirmahan ng tagahain ang *Proof of Service*, Form 982(a)(23), at saka ibigay ito sa iyo.

Para sa paghahain **sa pamamagitan ng koreo**, dapat sagutan at pirmahan ng tagahain ang *Proof of Service by Mail* sa likod ng porma *Notice of Hearing*, at sa ibigay ito sa iyo.

Dalhin ang iyong mga porma ng *Proof of Service* sa ACCESS Center para suriin. Kasunod ay iharap ang mga ito sa opisina ng Klerk ng Hukuman, Silid 103, Probate Window.



Maghanda para sa iyong pagdinig

Pumunta sa pagdinig.

Tingnan ang Petyong iniharap mo sa Klerk upang makita ang petsa, oras at silid ng iyong pagdinig.

Ikaw at ang bata ay parehong dapat pumunta sa pagdinig. Ang ibang mga kamag-anak at kaibigan ay puwede ring pumunta sa pagdinig.

Pumunta doon sa oras ng pagdinig. Huwag darating nang huli!

- ◆ Hanapin ang Silid na Hukuman at umupo sa loob
- ◆ Makikita mo ang video tungkol sa Pangangalaga bago ang iyong pagdinig
- ◆ Hintaying tawagin ang iyong pangalan
- ◆ Panoorin ang ibang mga kaso para malaman mo kung ano ang gagawin

Ano ang dadalhin sa pagdinig:

- ◆ Ang bata
- ◆ *Order Appointing Guardian of Minor*
- ◆ *Letters of Guardianship*
- ◆ Mga Kopya ng pinirmahang *Proof of Service* ng Paunawa

Kung hindi mahusay magsalita ng Ingles, magsama ng isang tagasalin ng wika.

Maaaring itanong ng hukom kung bakit gusto mong maging tangapangalaga.

Isulat ang gusto mong sabihin. Maghasang sabihin ito nang wala pang 2 minuto. Kapag kinabahan ka, basta basahin ang isinulat mo.

ATTORNEY OR PARTY WITHOUT ATTORNEY (Name, state bar number, and address) TELEPHONE AND FAX NO. FOR COURT USE ONLY GC-210

ENDORSED
FILED
San Francisco County Superior Court
MAR 18 2003

GORDON PARK-LI, Clerk
BY: CYNTHIA S HERBERT
Deputy Clerk

APR 17 2003
MINOR

PETITION FOR APPOINTMENT OF GUARDIAN OF MINOR MINORS
 Person Estate

1. Petitioner (name): requests that (Telephone):
a. (Name and address): be appointed guardian of the PERSON of the minor and Letters issue upon qualification. (Telephone):
b. (Name and address): be appointed guardian of the ESTATE of the minor and Letters issue upon qualification.
c. the proposed guardian be appointed for several minors who are brothers and sisters. The information requested in items 2-11 for each additional minor is supplied in Attachment 1c.
d. (1) bond not be required because proposed guardian is a corporate fiduciary or an exempt government agency for the reasons stated in Attachment 1d.
(2) \$ _____ bond be fixed. It will be furnished by an authorized surety company or as otherwise provided by law. (Specify reasons in Attachment 1d if the amount is different from minimum required by Prob. Code, § 8462.)
(3) \$ _____ in deposits in a blocked account be allowed. Receipts will be filed. (Specify institution and location):
e. authorization be granted under Probate Code section 2590 to exercise independently the powers specified in Attachment 14.
f. orders relating to the powers and duties of the proposed guardian of the person under Probate Code sections 2351-2358 be granted (specify orders, facts, and reasons in Attachment 1f).
g. an order dispensing with notice to the persons named in Attachment 15 be granted.
h. other orders be granted (specify in Attachment 1f).
2. The minor is (name): married unmarried
(Present address and telephone):
3. Date of minor's birth: 6. a. The person having legal custody of the minor is (name and address):
4. Petitioner is
a. related to the minor as (specify):
b. a minor 12 years of age or older:
c. other person on behalf of minor (specify): b. (Complete only if this person is one other than the person having legal custody.) The person having the care of the minor is (name and address):
5. The proposed guardian is
a. nominee (affix nomination as Attachment 5).
b. related to minor as (specify):
c. other (specify):
7. The minor
a. is is not a patient in or on leave of absence from a state institution under the jurisdiction of the State Department of Mental Health or the State Department of Developmental Services (specify state institution):
b. is neither receiving nor entitled to receive is receiving or entitled to receive benefits from the Veterans Administration (estimate amount of monthly benefit payable): \$ _____
c. does does not have Native American ancestry. (Provide information required by Indian Child Welfare Act as Attachment 7c.)
Do NOT use this form for a temporary guardianship. (Continued on reverse)

From Request for Information Use Judicial Branch of California GC-210 (Rev. January 1, 2003)

PETITION FOR APPOINTMENT OF GUARDIAN OF MINOR WEST JUDICIAL Probate Code, § 1510

Maaari ring magtanong ang hukom sa bata.

Sabihin sa bata na sabihin ang totoo at dahan-dahang magsalita. Kung ikaw o ang bata ay may hindi naiintindihan, sabihin ang "I don't understand."

Magpapasiya kaagad ang hukom kung ikaw ay magiging tangapangalaga.

Kapag "iginawad" ng hukom ang iyong petyon, ibigay sa Klerk ng Hukuman ang iyong pormang *Order Appointing Guardian of Minor*.

Pipirmahan ng hukom ang Order at pipirmahan mo ang *Letters of Guardianship*.

Dalhin ang parehong porma sa opisina ng klerk upang sertipikahan at i-file ang mga ito.

Ano ang mangyayari pagkatapos ng pagdinig?

Kailangan ko bang manatiling nakikipag-ugnayan sa Hukuman?

Kung sinabi ng hukom na ikaw ang magiging tagapangalaga ng bata, ang iyong kaugnayan sa Hukuman ay hindi matatapos, kahit na pagkaraang maiharap mo ang lahat ng iyong papel sa Klerk ng Hukuman.

Taun-taon (o kung minsan ay mas madalas) ang Hukuman ay magpapakoreo sa iyong bahay ng ulat ng kalagayan

Sagutan ito at ibalik sa Probate Department. Babasahin ng imbestigador ng Hukuman ang iyong ulat. Kung walang mga problema, ang Hukuman ay magpapadala sa iyo ng isang bagong ulat ng kalagayan pagkaraan ng isang taon.

Kung minsan ang Hukuman ay hihingi ng mga karagdagang ulat ng kalagayan o ang Hukuman ay mag-uutos sa iyo na makipag-usap sa hukom.



Puwede bang bumisita ang Hukuman sa aming bahay?

Madalas, isinasangguni ng Hukuman ang mga kaso sa Guardianship Monitoring Program. Kapag nangyari ito, pupunta sa inyong bahay ang isang boluntaryo isang taon pagkaraang igawad sa iyo ang pagiging tagapangalaga at saka tuwing 2 taon pagkaraan nito.

Kung may mga problema, titingnan ng Hukuman ang kaso at gagawa ng mga hakbang upang tulungan ang tagapangalaga.

Ang Hukuman ay makakapag-utos sa tagapangalaga na pumunta sa Hukuman o makakapagtalaga ng isang abugado para sa bata.

Gaano katagal akong magiging tagapangalaga?

Ikaw ay magiging tagapangalaga ng bata hanggang ang isa sa mga bagay na ito ay mangyari:

- ◆ Ang bata ay maging 18 taong gulang;
- ◆ Ang bata ay inampon, nag-asawa, pumasok sa militar o pinalaya ng utos ng Hukuman;
- ◆ Tinapos ng Hukom ang pagiging tagapangalaga;
- ◆ May ibang tao (kapalit na tagapangalaga) na naging tagapangalaga; o
- ◆ Namatay ang bata bago naging 18 taong gulang.

Paano kung ang bata, ang magulang ng bata, o ang tagapangalaga ay gustong tapusin ang pangangalaga?

Kung ang isa sa mga taong ito ay gustong tapusin ang pangangalaga, dapat nilang sagutan at iharap ang isang porma (*Petition for Termination of Guardianship*). Dapat nilang ipakita sa Hukuman na ang pagtatapos ng pangangalaga ay makakabuti sa bata.

Para sa tulong sa pagsagot ng mga porma upang tapusin ang pangangalaga, kontakin ang ACCESS Center, sa Room 208.

Kailangan ng karagdagang tulong?

Tulong na Pambatas

Kung ang bata ay 12 taong gulang o mas matanda at nakatira sa San Francisco, maaaring makakuha ka ng libreng tulong na pambatas mula sa *Legal Services for Children*.

Ang mga bata ay makakatawag din sa:
(415) 863-3762

1:30 – 5:00 p.m., Lunes – Biyernes

O, upang humanap ng isang abugado, tawagan ang Bar Association of San Francisco:
(415) 989-1616

Suporta sa mga Tagapangalaga

Kung kailangan mo ng tulong sa mga karagdagang gawain, paghahanap ng tagapagturo, o pahinga sa mga ito (tinatawag na sandaling ginhawa), tawagan ang Edgewood Center:
(415) 865-3000

Kung kailangan mo ng makakausap, o gusto ng payo sa telepono, tawagan ang linyang Parental Stress:
(415) 441-5437, 24 na oras

Para sa payo, tawagan ang San Francisco Mental Health Access:
(415) 255-3737

Tulong na Salapi

Upang malaman kung makakakuha ka ng tulong na salapi, tawagan ang CalWorks:
(415) 557-5723

Suporta sa mga Bata

Ang mga batang nangangailangan ng suporta o payo ay puwedeng tumawag sa:
San Francisco Mental Health Access:
(415) 255-3737

Para sa mga batang may mga problema sa mga tagapangalaga, tawagan ang Comprehensive Child Crisis Services anumang oras:
(415) 970-3800
24 na oras, 7 araw, maraming wika